Nakakumpol ang mga komunidad at mga settlements. Pataas ang development ng mga housing projects. Lahat ng landmass ay tested ng pH level kaya naka zoning din ang timberland, fruitbearing trees, industrial zones at agricultural staple crops. Sa isang banda, parang naisalugar ang lahat.

Maliban sa isang kundisyon na ilang dekada nang bigo ang Science na tukuyin ang eksaktong gamot sa deadly corona virus. Iba-ibang reaksyon ng virus, sa bawat genetic model ng tao. Ganoon naging palaisipan sa siyensiya ang virus kaya hit and miss ang istratehiya sa paggamot at pagdevelop ng vaccine.

Bawal matulog sa biyahe pero nawala ako. Di ko alam kung paano akong nakatulog. Nagising na lamang ako nang marinig ko ang tunog ng mga sasakyang sa level 2 na mabilis na nawala sa itaas namin. Dumating na sila sa detour point. Ibig sabihin malapit na ako sa Turbina Observatory Center!

Backpack, sterile bag at ang sealed food pack na hindi ko man lang nagalaw. Nasa isang pocket ang tcomport. Nagmental note ako, I'm good to go. Naghanap ako ng bakanteng Pobothems. Mahahaba ang pila ng mga tao.

Lakad-takbo ako para maghanap ng bakanteng Pobothems o kaya iyong may kaunting nakapila. Wala.



Pedestrian. Sa kabilang lane baka may bakanteng Pobothems. Mabilis kong itinapay ang paa ko sa dalawang slot ng footprints sa magnetic pedestrian lane. Wala rin. Napilitan akong pumila. Pang-apat ako sa isang pila. Dito na. Nang biglang magkulay dilaw ang Pobothems. Agad kong nilingon ang ibang Pobothems. Ganoon din.

Frustrated ang karamihan. Lahat ng Pobothems ay nagsasabing: "Two hours data synchronizing will commence in 30 minutes. All citizens are advised to stay inside designated hub or settlements. Failure to do so will freeze your data for the next 3 months."

Paulit-ulit na sinasabi ng mga machines iyon kanya-kanyang hanap ng lugar ang mga tao. Sa loob ng limang minuto, mangilanngilan na lamang ang ang mga taong nasa labas.

Naka-ilang doors na ang sinubukan kong pasukin hindi ma-access ng aking code. Laging ang sinasagot ng machine "you are not authorized to access this hub." Sa mga sasakyang namang nakadocked ay denied din ang aking tcomport. Ten minutes. Inimagine ko na kung ano ang susunod na mangyayari kapag naka-freeze ang aking data sa loob ng 3 buwan.

Habang lakad-takbo sa TOC nagsend ako ng message kay Teacher Jing. Mabilis na kumilos si Teacher Jing para i-search ang network ng mga hubs. Sinubukan din niya ang mga emergency shelters at mga nakapark na mga vehicles sa level 1. Lahat occupied. Lahat ng mga non-permanent settlers hubs ay punuan sa Level 1.

Sunod na komuntak ang Head ng Language Studies, si Teacher Reivy. Inaalam ang possibility ng access sa Level 2 kung may enough fund ako.

Mabilis akong nagental note. Kanina sa Pobothems ay may mahigit 930,000 akong networth. Mabilis kong tsinek kung magkano ito sa Level 2. Ang pera kasing computed as networth mo sa Level 1 ay nagdedeppreciate kapag sa bracket ng Level 2 mo titingnan. Hindi ako nagkamali, umabot lamang 8000 ang networth ko sa Level 2. Ni hindi ito makakapag access ng isang cell sa isang hub.

Mabilis kong ininform si Teacher Jing at Teacher Reivy. Nagkasundo ang dalawa na magtransfer ng additional networth mula sa mga pending accounts nila na hindi pa accepted sa kanilang data at maaari pang i-delegate.



Five minutes. Maraming hubs ang nakontak. Lahat sarado. Lahat fully-booked dahil nga sa napi pintong lockdown due to synchronization ng data.

Walang maa-access na public settlements dahil sa banta ng corona virus na hanggang ngayon ay hindi pa rin masolusyonan ng WHO. I'm dead.

Nasabi ko sa sarili ko.



Nagring ang tcomfort. Unregistered number ang lumalabas. Sinagot ko. Si Teacher Mishael, komontak ng kaibigang Robot Lawenforcer na siyang kakaon sa akin pero kinabukasan pa.

No choice na. Tatlong minuto.

Nag-ring ang phone. Si Rica. Naka-booked na ang isang bakanteng cell sa Green Glass Hub. Pero kailangan kong physically mag appear sa emergency Pobothems ng mismong hub nito.

Isang rover sa Level 1 sa parking lot. Tinanggap ang access code ng tcomfort ko. Mabilis akong humaginit sa magnetic lane.



Sabi ni Teacher Jing, magawa man ito, kailangang may physical inspection sa maa-identify na hub online. Dahil nagsi-synchronize ang lahat nang data, hindi magiging reliable ang mga information online.

Naisip kong tawagan sa Level 2 ang isang kaibigan si Edward kung pwede nila ako i-accomodate habang nagsisynchronize ang data para maiwasan ko ang pagka freeze ng aking data. Ipinorward ni Edward ang information sa isa ring kaibigan na si Rica na mayroong unlimited access sa Level.



Positive ang arrangement mula kay Rica online at gayundin sa ang kanyang special access to know kung may bakanteng cells nga ang mga ito.

Twenty minutes na ang nakalipas. Habang lakad takbo ako sa paghanap ng pwedeng ma-access na hub ang aking tcomport mabilis na kumikilos din si Teacher Jing at Teacher Reivy. Sa kabilang arrangement na ginagawa ni Teacher Jing online ay nagsesend siya ng instruction sa mga steps na dapat ko pang gawin para ma-access ang transferred networth at maipasok ito sa data ko sa Level 2. Nai-imagine ko ang concern nila. Nahihiya man ako sa sitwasyong kinapalooban ko ngayon pero wala akong choice ngayon.

Two minutes. Nasa tapat na ako ng hub pero nasa level 2. At hindi kaya ng rover ang vertical balancing. Nakita ko sa tabi ang loader ng food chamber ng hub. Mabilis akong sumampa doon.

60 seconds.

30 seconds

10 seconds.

9

8

7

6

5

4...



"Welcome Citizen E6.37KP4.7KR53.68 to your temporary access to Level 2. I am a prototype Pobothems. Please key in your tcomport to gain access of this hub."

Mabilis kong itinapat ang tcomport sa lighted space sa monitor.

"Accepted. Please identify your transaction today."

"Cell Access and Travel by sunrise of Day 30 June 2099." Humihingal kong sabi.

END



# Notes to the Learners

For your writing activities that are being required in the Content part of this Learning Resources which include but not limited to Journal Entries, personal essays, paragraph writing, etc., the following Rubrics may be used to determine your points earned:

Essential Elements	1	2	3	4	5
<b>Development of Topic &amp; Details</b>	*No thesis, undeveloped or vague thesis, theme or topic *Few or no relevant details	*Inconsistent or basic development of thesis, theme, or topic; limited in depth or clarity *Details lack elaboration; important details omitted; some details inaccurate	*Adequate development of thesis, theme, or topic; *Conclusion is more than a summary *Details are adequate, accurate, relevant; some elaboration	*Consistently & fully developed thesis, theme or topic; *Draws a conclusion *Details are specific, enhance development, and are elaborated upon	*Clearly & fully developed, original, insightful thesis, theme, topic & conclusion *Rich supporting details are fully elaborated upon & enhance development
<b>Information Integration</b>	*No evidence of understanding the subject or content *No connection between subject or content and task	*Inaccurate or basic understanding of subject or content *Few connections to subject or content and task	*Adequate understanding of subject or content *Implied connection between subject or content and task	*Clear understanding of subject or content *Clear connections between subject or content and task	*In-depth analysis of subject or content *Insightful connections between subject or content information and task
<b>Organization &amp; Format</b>	*Lacks focus and organization or unclear focus organizational strategy *Format of paper is not consistent with assignment	*Establish but does not maintain focus *Organizational strategy includes some transitions *The paper has major formatting issues	Maintains a clear and appropriate focus Logical progression of ideas with transitions, some inconsistencies *Some of the paper is formatted correctly with minor inconsistencies	*Clear and appropriate focus; *Logical & controlled organization throughout; *Appropriate transitions; not formulaic *A majority of the paper is formatted correctly	*Clear and appropriate focus *Effective use of appropriate transitions *Writer expresses relationships among ideas; *Careful & subtle organization *Entire paper is formatted correctly
<b>Word Choice, Sentence Variety and Structure</b>	*Poor sentence structure; many fragments and/or run-ons *No sentence variety *Limited vocabulary; or consistently inappropriate for purpose	*Complete sentences; *Rudimentary sentence variety *Appropriate vocabulary	*Deliberate sentence variety *Effective vocabulary	*Sentence variety enhances style & effect *Varied and precise word choice	*Complex sentence variety enhances style & effect *Sophisticated language
<b>Grammar, Usage &amp; Mechanics</b>	*Errors in grammar, usage & mechanics make writing unclear; or distract *Few or no citations	*Errors in grammar, usage & mechanics disproportionate to length & complexity of piece *Pattern of major citation errors	*Some errors in grammar, usage & mechanics *Pattern of minor citation errors	*Few errors in grammar, usage & mechanics *Some citation errors	*Mastery of grammar, usage & mechanics *Few or no citation errors

Other activities that you will encounter in this Learning Resource which will not require your Journal, you can assign a separate Notebook for that just to make sure that are able to keep your portfolio for this Creative Writing Class in tact.

In some activities that would require you to contact somebody online or via cellphone, especially on translation and transcreation, you will find the directory of writers in the Appendix page.

For your Summative and Objective tests, answers will be written in your separate notebook. Should answers will be provided in this Learning Resource, you may ask the help of your parents or relatives to check your answers using the provided Answer Key.



Here is the first set of Multiple choice Test for you to diagnose your theoretical knowledge about Creative Writing in this grade level.

Your answer will be written on your notebook.

1. Legends are a form of prose the common theme of which is about the .  
A. origin of a thing      C. origin of a thing, place and location  
B. origin of a thing and place      D. origin of a thing, place, location or name.
2. The events in legends are imaginary, devoid of truth and .  
A. undesirable      C. unbelievable  
B. miserable      D. gullible
3. Folk tales are made up of stories about life, adventure, love, horror and humor where one can derive .  
A. lessons in school      C. lessons about hunting  
B. lessons about life      D. lessons about death
4. Epics are long narrative poems in which a series of heroic achievements or events, usually of a hero, are dealt with at length like .  
A. Ibalon      B. Biag ni Lam-ang      C. Hudhud      D. Idarapatra at Sulayman
5. Bugtong is made up of one or more measured lines with rhyme and may consist of  
A. four syllable only      C. no limit number of syllables  
B. four to 12 syllables      D. four to eight syllables
6. are figurative words said by our ancestors which teach moral lessons.  
A. Oral tradition      C. Salawikain  
B. Ariwaga      D. Sawikain
7. are brief instructive expressions that suggest a specific action, behavior, or judgment.  
A. Tula      C. Sawikain  
B. Salawikain      D. Ariwaga
8. Doctrina Cristiana was the first book printed in the Philippines in in xylography written by Fr. Juan de Placencia and Fr. Domingo Nieva, in Tagalog and Spanish.  
A. 1953      B. 1593      C. 1359      D. 1935
9. is a classic prose in Tagalog which contains letters between two sisters and have influenced greatly the behavior of people in society because the letters dealt with good behavior.  
A. The Two Tales of Two Sisters      C. Urbana at Feliza  
B. Sisa at Maria Clara      D. A La Juventud Filipina
10. Short descriptive poem about nature consisting 17 syllables -5 syllables in the first line -7 syllables in the second line -5 syllables in the third line  
A. haiku      B. senryu      C. Tanka      D. Dionia



## ACTIVITY

### POEM TO SHORT STORY

Direction: Write a short story in the language of your choice based from the poem written by Jess Santiago entitled " Kung ang tula ay pumpon lamang ng mga salita."

Kung ang tula ay pumpon lamang nga mga salita  
Ni Jess Santiago

Kungang tula ay isa lamang pumpon ng mga salita,  
nanaisin ko pang ako'y bigyan ng isang taling kangkong  
dili kaya'y isang bungkos ng mga talbos ng kamote  
na pinupol sa kung aling pusalian  
o inumit sa bilao  
ng kung sinong maggugulay,  
pagkat ako'y nagugutom  
at ang bituka'y walang ilong,  
walang mata.

Malaon nang pinamanhid ng dalita ang panlasa kaya huwag,  
mga pinagpipitanang makata  
ng bayan ko,  
huwag ninyo akong alukin ng mga taludtod  
kung ang tula ay isa lamang pumpon ng mga salita.

Please use the separate Activity Booklet for your short story.

Here is the Rubrics for your transcreation Activity:

CRITERIA	5	4	3	2	1
Quality of Writing	Transcreation contains complete elements of a short story	One element are missing in the piece	Two elements are missing in the piece	Three elements are missing in the piece	Four or more elements are missing in the piece
Grammar, Mechanics & Punctuation	No errors in punctuation, capitalization, and spelling	One to two errors in punctuation, capitalization, and spelling errors	Three to four errors in punctuation, capitalization, and spelling errors	Five to six errors in punctuation, capitalization, and spelling errors	Seven or more errors in punctuation, capitalization, and spelling errors
Faithfulness to Literary Text	Narratives are congruent	Narratives are 90% congruent	Narratives are 80% congruent	Narratives are 70% congruent	Narratives are 60% or less congruent



## ACTIVITY: POEM TO FLASH FICTION

Write a flash fiction out of the poem of Amado V. Hernandez "Kung Tuyo Na Ang Luha Mo, Aking Bayan." You can listen to the song made out of the poem of Amado V. Hernandez in this link: [https://www.youtube.com/watch?v=G\\_N-G30I-FY](https://www.youtube.com/watch?v=G_N-G30I-FY)

Lumuha ka, aking Bayan:  
buong lungkot mong iluha  
ang kawawang kapalaran  
ng lupain mong kawawa:

ang bandilang sagisag mo'y  
lukob ng dayong bandila,  
pati wikang minana mo'y  
busabos ng ibang wika;

ganito ring araw noon  
nang agawan ka ng laya,  
labintatlo ng Agosto  
nang saklutin ang Maynila.

Lumuha ka, habang sila  
ay palalong nagdiriwang,  
sa libingan ng maliit,  
ang malaki'y may libangan;

katulad mo ay si Huli,  
naaliping bayad-utang,  
katulad mo ay si Sisa,  
binaliw ng kahirapan;

walang lakas na magtanggol,  
walang tapang na lumaban,  
luha mo ang sambuntong  
kasawiang nagtalakop

na sa iyo'y pampahirap,  
sa banyaga'y pampalusog:  
ang lahat mong kayamana'y  
kamal-kamal na naubos,

ang lahat mong kalaya'a'y  
sabay-sabay na natapos;  
masdan mo ang iyong lupa,  
dayong hukbo'y nakatanod,  
masdan mo ang iyong dagat,  
dayong bapor, nasa laot!

Lumuha ka kung sa puso  
ay nagsaliw na ang layon,  
kung ang araw sa langit mo  
ay lagi nang dapithapon,

kung ang alon sa dagat mo  
ay ayaw nang magdaluyong,  
kung ang bulkan sa dibdib mo  
ay hindi man umuungol,

kung wala nang maglalamay  
sa gabi ng pagbabangon,  
lumuha nang lumuha't  
ang laya mo'y nakaburol.

May araw ding ang luha mo'y  
masasaíd, matutuyo,  
may araw ding di na luha  
sa mata mong namumugto

ang dadaloy, kundi apoy,  
at apoy na kulay dugo,  
samantalang ang dugo mo  
ay aserong kumukulo;  
sisigaw kang buong giting  
sa liyab ng libong sulo  
at ang lumang tanikala'y  
lalagutin mo ng punlo!



## ACTIVITY: SHORT STORY TO POETRY

Read again the short story entitled “PARALLEL(UNI)VERSE” by Bernardo Miguel O. Aguay Jr. Write a futuristic poem about it.

## ACTIVITY: POETRY TO DRAMATIC MONOLOGUE

Write a dramatic monologue out of the poem “Ako ang Daigdig” by Alejandro G. Abadilla.

I  
ako  
ang  
daigdig  
ako  
ang  
tula  
ako  
ang  
daigdig ang tula  
ako  
ang  
daigdig  
ng  
tula ang tula ng daigdig  
ako  
ang  
walang maliw na ako ang walang kamatayang ako ang tula ng daigdig

II  
ako  
ang  
daigdig ng tula  
ako  
ang  
tula ng daigdig  
ako  
ang  
malayang ako



matapat  
sa sarili sa aking daigdig ng tula  
ako  
ang  
tula sa daigdig  
ako  
ang  
daigdig ng tula  
ak

III  
ako  
ang  
damdaming malaya  
ako  
ang  
larawang buhay  
ako  
ang  
buhay  
na  
walang hanggan  
ako

.  
ang damdamin ang larawan ang buhay  
damdamin  
larawan buhay tula  
ako

IV  
ako  
ang  
daigdig sa tula  
ako  
ang daigdig  
ng tula  
ako  
ang  
daigdig  
ako  
ang tula daigdig tula ako



Recite your dramatic monologue to your family. Gather their comments and reactions to improve your piece.

#### ACTIVITY: POETRY TO LOVE STORY

Listen to a poetry reading of "Pagwawalay" by Rolando Tinio from this link:

<https://www.youtube.com/watch?v=XNLPgyffi3c>. For those who do not have access to that link, read the text of the poem here.

Pagwawalay  
Ni Rolando S. Tinio

May mga kalungkutang hindi mabansagan  
Walang dahilan o katwiran,  
Kinahihinatnan nang walang kamalay-malay:  
May kaunting pangangatal sa bahagi ng katawang  
Unti-unti mong napapakiramdam  
Tinutuluyan mo, o tumutuloy sa iyo,  
Bahagyang pananamla'y na hindi maiospital.  
Ano ang gagawin nila sa ganito?  
Kay raming higit pang nag-aagaw-buhay!  
Kagabi halimbawa, pagtalikod niya,  
Paglalaho sa sulok na walang ilaw,  
Para siyang hinigop ng dilim  
Na kahit dahil lamang sa patay na ilaw,  
Parang dilim ng – naku naman! – kamatayan.  
Atikaw ang parang – paano ng aba? – pumanaw  
O pinanawan.

Pinanawan  
Ng lahat ng mga gunitang pinangalagaan:  
Mga walang-buto't balat na musmos sa kandungan  
O mga napakamaselang halaman, o ulap,  
O buhay na buhay na pangarap  
Na hindi marahil dapat pinagsakatawan.  
At ngayon tuloy,  
Pati gunita, gunita na lamang.  
Parang hindi ikaw ang labis maligayahan.  
Parang hindi sa dibdib mo lumatag ang kapaya- paan.



Sa sandaling iyon, nawalay kang lubos  
 Sa sariling kilala mo kaninang-kanina lang  
 At hindi mahulaan – bakit pa aasahan? ---  
 Kung kalian  
 Kayong muli – tiyak na hindi na! – magkakangitian

## THIS IS HOW YOU WILL BE GRADED IN CREATIVE WRITING

**KNOW HOW YOU WILL BE GRADED IN CREATIE WRITING**

**Criteria:**

<b>Written Performance:</b>	<b>40%</b>
<b>Performance Task:</b>	<b>60%</b>
<b>TOTAL</b>	<b>100%</b>



Be safe always, my dear students! STAY HOME LEARN FROM HOME

**KNOW HOW YOU WILL BE GRADED IN CEATIVE WRITING**

**Criteria:**

<b>Written Performance:</b>	<b>40%</b>
<b>Performance Task:</b>	<b>60%</b>
<b>TOTAL</b>	<b>100%</b>

How many **Performance Tasks** are required for one quarter and what are they?

**4 Performance Tasks**



Be safe always, my dear students! STAY HOME LEARN FROM HOME

**KNOW HOW YOU WILL BE GRADED IN CREATIE WRITING**

**Criteria:**

<b>Written Performance:</b>	<b>40%</b>
<b>Performance Task:</b>	<b>60%</b>
<b>TOTAL</b>	<b>100%</b>

How many **Written Performance** are required for one quarter and what are they?


**4 Written performances**



Be safe always, my dear students! STAY HOME LEARN FROM HOME

**KNOW HOW YOU WILL BE GRADED IN CREATIE WRITING**

**Written Performance:** **40%**




Computation:  
 $Total: 382 \text{ divided by } 4 = 95.5 \times 40\% = 38.2$   
 38.2 will be your grade in Written Performance




Be safe always, my dear students! STAY HOME LEARN FROM HOME

**KNOW HOW YOU WILL BE GRADED IN CREATIE WRITING**

**Performance Task:** **60%**



Computation:  
 $Total: 353 \text{ divided by } 4 = 88.25 \times 60\% = 52.95$   
 52.95 will be your grade in Performance Task



Be safe always, my dear students! STAY HOME LEARN FROM HOME

**KNOW HOW YOU WILL BE GRADED IN CREATIE WRITING**

**Criteria:**

<b>Written Performance:</b>	<b>40%</b>
<b>Performance Task:</b>	<b>60%</b>
<b>TOTAL</b>	<b>100%</b>

Computed Written Performance:  
 $Total: 382 \text{ divided by } 4 = 95.5 \times 40\% = 38.2\%$   
 Computed Performance Task:  
 $Total: 353 \text{ divided by } 4 = 88.25 \times 60\% = 52.95\%$

**91**

**First Quarter Grade**



Be safe always, my dear students! STAY HOME LEARN FROM HOME



# *Appendices*

Ligaw na todos los santos  
ni Buboy Aguay

Nanalo ng milyong butil ulan  
ang mukha ng windshield ng jeep  
kung saan ulila akong sakay  
pauwi sa kung saan ibig

Habang naninilaw ang mga butil  
sa pagkabulaga sa mga ilaw ng poste  
nagkukulay berde at abo ang aking isip  
na daratnan kang namumula sa ligalig

Dasal ko'y lumang tulay ay maputol  
di na makatawid ang pagtutol ng uwi  
at ang luha ng windshield ay mangusap  
sa mata ko milyong butil ay lumipat

Di man sakop ng kalsadang nakahiga  
ang kama mong nilisan ng libong gatla  
paghihintay na kinambal nang mawala  
sintang limot ibinaon na sa lupa



Funeral  
ni Buboy Aguay

I used to drown my sorrows by crying rivers  
And expect that all the bad succumbs to grave;  
the only witness is the wandering crow hungry for its prey;  
The sun pulls itself down to paint the shadows  
of the tombs to the whitewashed city walls;  
talking, knocking from its barren heart  
that dark images, maybe,  
at least,  
organic with the white light of the heavens.

The rivers have  
flowed a giant stride  
from the drowning sorrows traversing the old path  
where all it started. Dried through the humid  
acquaintances of the heart.  
They've found me. I found my me.  
I was at my own graveyard resurrecting anew.



## KUNG PAANO AKO NAGSUSULAT NG TULA ni Buboy Aguay

Sa ganang akin, ang pagsulat ng tula ay kahalintulad ng alok sa isang tao na sa kanyang kinatutuntungan, kung huhukayin ay makakatagpo ito ng ginto.

Manunulat ang huhukay. Kukunin niya ang pala at ipapakita ang salansan ng lupa hanggang maabot ang tubig. Lalaliman pa niya ang hukay saka niya aalukan ito na lumusong doon upang masilayan ang ginto.

Hindi sakop ng manunulat kung makikita nito ang ginto o kung makita ay pagpapasyahang kunin o kung kukunin ay mapagdidisesyunang ibalita sa iba.

Ang mahalaga, ang makata ay naghukay ng tamang lalim, nakatuntong ang kanyang paa sa hinuhukay at hindi siya lunod sa tubig.

## Nasaan ka rito? ni Buboy Aguay

Ito ang samutsaring kanbas ng dalawang buwang kuwarentina.

Karsel ito ng mga pusakal ng puso.

Hinahanap ko sa isang sulok ng bahay ang iyong anino. May bakas pa kaya ang abakang panyapak na lagi mong suot? Yabag mong may bigat ng nagyeyelong kadena sa panlalamig ng nilalamayan nating distansiya.

Ang mga binuklat mong aklat na nag-iwan ng mga palatandaan kung hanggang saan lamang ang kaya mong basahin. Di mo ako binasa. Hindi mo rin ba ako nakilala?

Walang natatapos na kuwento. Walang nagwawakas na libro. Ang hilig mong magsimula ng biro, ng tawa, ng galit ng luha.

Nais kong marinig ang mga reklamo mo sa painting ni Jeff Salon at parang litrato ang pagkatigagal mo sa mga detalyeng inisa -isa ko kung bakit "Nagkamali sila sa Paggawa sa Akin" ang pamagat nito. Nahuli pa nga kitang nakatanga sa painting na iyon at gayun na gayon kang pinagmamasdan akong idlip-manok minsan.

Naglalagos ang liwanag sa lahat nang bahagi ng bahay.

Itinataboy ang dilim. Lantad ang hungkag ng bituka nito.

Nagdudumilat ang tanaw. Mga litrato ng paghihintay. Mga kuwadradong gawak, alikabok ng nakaraan.



Pag Nakita Kita  
ni Buboy Aguay

Pag nagsalubong ang ating mga mata  
at nakita kita doon nalulunod  
sa isang baso ng aking kaluluwa  
papangarapin ko ang karsel ng iyong bisig,  
rehas ng iyong yakap at igagapos ako  
sa bagong higerang nakatulos doon  
sa pumipitik-pitik kong dibdib ang gutom.

Isasalok kita ng sapat lamang sa iyong uhaw  
at lagukin mo ito mula sa aking tadyang  
pagkat hindi totoong si Adan lamang  
ang mayroon nito, ako rin,  
ipinagdaramot ko nga lamang.

Pag naulit ang salubungan ng sulyap  
magsusugat ng ngiti ang aking bibig  
bibilangin saiyo ang natitirang  
mga pantay na ngipin,  
dilang pinagselosan ng EDSA  
at aserong pangang pamumulaklakan ng oyayi;  
senyales ng kandadong inulila ng susi.

Isa pang lingon, iaabot ko na saiyo  
ang pala at akin ang asarol  
upang hukayin natin ang dyurnal  
kung saan tayo, ito, hahantong.

Pag nakita na kita  
di na tayo mag-aalala ng almusal.



Padangat Kita, Bakit Di Mo Madama?  
ni Buboy Aguay

May umuusbong na kutob sa aking daghan  
Inaalok itong imbudo ng pagtula.

Bubuksan ko ba itong sikdo  
tulad ng regalong de laso sa isang bata?

Tatalian ko ba ito ng kadenang ginto  
sa loob ng pilak na karsel, kakosa ng pipi?

Pipisilin ang mga tuhog-tuhog na butil ng rosaryo  
upang pigain ang mga misteryo, himala, at santo ng salita?

Aalimbukay sa likuran ng tambutsong di malingon  
kasama ng usok, alikabok na walang aring saysay?

O aalayan ng gurlis sa pulso  
upang sa nakangiting puntod ay mag-alay siya ng kandila at luha?

Ang tangi kong magagawa ay ipatak itong tintang  
anino ng damdam, kutob at sikdo ng tigagal kong daghan.

Itatago sa mga tugma ang pangalan mong  
hindi lamang libong beses isinigaw sa paghahanap

Aariing mga sugat ang bawat linya  
at mamalikmatang mamulaklak doon ang lunas

Pipiliin ang pinakapinong butil  
kung saan bumubukal ang mga bituin sa mata

Upang sumanib ang mga imahe, anino, kaway  
sa umaalkansiyang luha ng kawalang salita

Hanggang bumalong ito sa ipo-ipo ng gapos  
na lilinlangin sa loob ng garapon ng nahuling paruparo.

Hanggang ang kutob ay sakban8 doon  
papanoorin tulad sa isang pelikula

Dahil kasaysayan ang magpapasya ng mga ebidensya  
na ikaw, kapos, kulang at walang sukli ay naghahal, minsan.

padangat- mahal  
daghan- dibdib  
sakban- takpan



## *References*

Aguay Jr., Bernardo O. *Homo Erektus*, (Tula), Hinabing mga Salita Publishing House, 2020

Aguay Jr., Bernardo O. *Tulakaratula*, Hinabing mga Salita Publishing House

Evasco, E.Y; Abad-Jugo; Pascual J., C. *Likhaan Volume 12 : The Journal of Contemporary Philippine Literature*, UP Press 2018

Gonzales, Vladimeir B. *LAB Mga Dulang Adaptasyon at Iba pang Laro para sa mga Klaseng Panlaboratoryo*, UP Press, 2018

Lumbera, Bienvenido; Suri *Pag-arok sa Likhang Panitik (Probing the Literary Text)* UP Press, 2017

Yabres, Leopoldo Y., *Philippine Short Stories 1925-1940*, UP Press 2008 Edition

\_\_\_\_\_. Retrieved Sept. 26, 2020 [https://en.wikipedia.org/wiki/El\\_Renacimiento](https://en.wikipedia.org/wiki/El_Renacimiento)

\_\_\_\_\_. Retrieved Sept. 26, 2020 <https://ejournals.ph/article.php?id=4237>)

\_\_\_\_\_. Retrieved Sept. 26, 2020 [https://en.wikipedia.org/wiki/Aurelio\\_Tolentino](https://en.wikipedia.org/wiki/Aurelio_Tolentino)

\_\_\_\_\_. Retrieved Sept. 26, 2020 [https://en.wikipedia.org/wiki/Walang\\_Sugat](https://en.wikipedia.org/wiki/Walang_Sugat)

\_\_\_\_\_. Retrieved Sept. 26, 2020 [https://en.wikipedia.org/wiki/Juan\\_Abad](https://en.wikipedia.org/wiki/Juan_Abad)

\_\_\_\_\_. Retrieved Nov. 7, 2020<https://www.pinterest.cl/pin/755619643710440435/?send=true>

\_\_\_\_\_. Retrieved Nov. 7, 2020 <https://www.ucanews.com/news/experiential-museum-reminds-filipinos-of-horror-of-martial-law/75334#>

\_\_\_\_\_. Retrieved Nov. 7, 2020 <http://www.digitutes.com/computer-vision-applications/>

\_\_\_\_\_. Retrievedf Nov. 7, 2020 <https://designbuzz.com/transparent-and-trendy-gadget-concepts/>

